Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BAHAY PULUNGAN NG BARANGAY PATIMBAO NOONG IKA- 15 NG MARSO, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA 9:20 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO .......... PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca ............ Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad

KAPASIYAHAN BLG. 083-T´2000

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 155 -T´99/ KAUTUSANG PAGLALAAN BLG. 4-T´99 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG SAN PABLO NORTE NA INILALAAN ANG HALAGANG DALAWANG DAAN DALAWAMPU´T ISANG LIBO TATLONGDAAN WALUMPU´T WALONG PISO AT APATNAPUNG SENTIMOS (P221,388.40) SA 20% PONDONG PANGKAUNLARAN NG NABANGGIT NA BARANGAY PARA SA TAONG 2000.

**SAPAGKA´T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 155-T´99/Kautusang Paglalaan Blg. 4-T´99 ng Sangguniang Barangay ng San Pablo Norte na naglalaan ng kaukulang halaga para sa pagsasagawa ng mga programang pangkaunlaran ng nabanggit na barangay sa taong ito;

**KUNG KAYA´T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon, Florencio C. Odejar at Bernardo E. Ison at sa buong pagsang-ayon ng lahat na ngayo´y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 155-T´99/Kautusang Paglalaan Blg. 4-T´99 ng Sangguniang Barangay ng SanPablo Norte na inilalaan ang halagang P221,388.40 para sa 20% pondong pangkaunlaran ng nabanggit na barangay para sa taong 2000.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat Yaman, Pambayang Tagatuos, Pambayang Manananggol at Sangguniang Barangay ng San pablo Norte, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

HS Ciriaco
HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan